

PARA SA AGARANG PAGLABAS

Binubuksan ng Lungsod ng Brampton ang mga aplikasyon para sa grant para suportahan ang mga lokal na artist at mga non-profit

BRAMPTON, ON (Oktubre 4, 2021) – Simula sa araw na ito, tumatanggap ang Lungsod ng Brampton ng mga aplikasyon para sa dalawang pagkakataon ng grant ng komunidad, ang isa para suportahan ang mga organisasyon na non-profit na nakabase sa Brampton na naghahatid na mga mahalagang programa at mga serbisyo at ang isa pa ay para makatulong sa mga lokal na artist ba makabawi mula sa pandemyang COVID-19.

Advance Brampton Fund

Ang \$600,000 na programa sa grant ng komunidad na nagbibigay sa mga kwalipikadong mga non-profit na nakabase sa Brampton o mga kawang-gawang organisasyon ng pondo para maghatid ng mga programa at serbisyo na nakakatugon sa mga pangangailangan ng komunidad..

Mayroong tatlong stream ng pagpopondo:

- **Emerging** – nagbibigay ng hanggang \$5,000 sa katumbas na pondo para sa bago at inobatibong mga proyekto. Bukas mula Oktubre 4 hanggang 29.
- **Developing** – nagbibigay ng hanggang \$12,500 sa katumbas na mga pondo para sa mga programa na tumakbo kahit isang beses sa Brampton. Bukas mula Oktubre 4 hanggang Nobyembre 29.
- **Amplifying** - nagbibigay ng hanggang \$25,000 sa katumbas na mga pondo para sa mga programa na tumakbo kahit dalawang beses sa Brampton. Bukas mula Oktubre 4 hanggang Nobyembre 29.

Ang mga aplikasyon para sa lahat ng stream ng pagpopondo ay tutukoy sa mga proyekto na magaganap sa 2022. Bukas ang mga grant sa mga organisasyong nagbibigay ng mga serbisyo para sa mga residente ng Brampton, kabilang ang incorporated non-profit na mga organisasyon, rehistradong mga kawang-gawa at, para sa Emerging stream, hindi corporated na mga non-profit na pangkat. Para sa bawat isa sa mga stream ng pagpopondo, kailangang piliin ng mga aplikante ang [Termino ng Prayoridad ng Konseho](#) na pinaka-kahanay ng kanilang proyekto.

Ang mga interesadong organisasyon ay iniimbitahang dumalo sa isang sesyon ng birtwal na impormasyon tungkol sa proseso ng aplikasyon:

- Oktubre 7 – Sesyon ng Impormasyon sa Emerging na Pondo
- Oktubre 14 – Sesyon ng Impormasyon na Developing na Pondo
- Oktubre 21 – Mga Sesyon ng Impormasyon sa Amplifying na Pondo

Para dagdag na suportahan ang lokal na mga non-profit at mga kawang-gawa, ang Advance Brampton Fund ay nakipag-partner sa Ryerson University's G. Raymond Chang School of Continuing Education para ihatid ang mga workshop ng Non-Profit Sector Development na nakatuon sa pagtulong sa mga organisasyon sa pagpapalawak ng kanilang kapasidad at bumuo ng edukasyon at skills ng sektor. laalok ang mga workshop sa Nobyembre. Makikita ang mga detalye sa brampton.ca/abf

BAGONG Pondo sa Pagbangon mula sa COVID-19 para sa mga Artist

Bago sa taon na ito, ang Lungsod ng Brampton at ang [Arts, Culture and Creative Industry Development Agency](#) (ACCIDA) ay nagagalak na ianunsyo ang COVID-19 Recovery Fund for Artists, isang natatanging programa para makatulong na suportahan ang creative na sector ng Brampton habang ang Ontario ay nagsisimulang muling magbukas at makabangon mula sa pandemya. Ang programang ito ay ekstensyon ng 2020 COVID-19 Relief Fund for Artists and Arts Organizations.

Ang mga indibidwal na artist ay maaaring mag-aplay para sa hanggang \$2,000 para makatulong na patatagin, iangkop o muling itayo ang kanilang creative practice sa gitna ng pandemya. Ang mga aplikasyon para sa mga indibidwal na artist ay tatanggapin simula Oktubre 4 sa nagpapatuloy na paraan hanggang sa alinman sa dulo ng 2021 o hanggang maubos ang available na pondo. Ang kabuuang halaga ng available na pondo ay \$100,000.

Ang mga sesyon ng impormasyon ay idadaos din para sa mga artist at potensyal na mga aplikante para rebyuhin ang mga hinihingi sa aplikasyon. Makikita ang mga detalye [dito](#).

- Biyernes, Oktubre 22, 6:30 – 8 pm
- Lunes, Nobyembre 22, 6:30 – 8 pm

Paglinang sa mga Karera sa Creative sa Brampton

Para mas masuportahan ang mga lokal na artist, ang ACCIDA sa pakikipagtulungan sa [WorkInCulture](#), ay nagpipresenta sa *Growing Creative Careers in Brampton*, isang walang bayad, intensibo na 10 sesyon na serye ng mga workshop sa propesyonal na pagpapaunlad para sa mga artist at mga manggagawa sa art. Bawat linggo, ang mga kalahok ay magkakaroon ng pagkakataon na makisali sa interactive na mga aktibidad, mga pagkakataon sa networking, magkamit ng payo ng eksperto at dumalo sa mga drop-in na sesyon para makuha ang mga tool na kailangan nila para ipasulong ang kanilang mga karera sa creative. Makikita ang mga detalye sa accida.ca

Interesadong mag-aplay?

Para mag-register sa mga sesyon ng impormasyon at mga detalye sa pagtingin, pagiging kwalipikaso at impormasyon sa aplikasyon para sa kapwa Advance Brampton Fund at COVID-19 Artist Recovery Fund, bisitahin ang brampton.ca/communitygrants

Mga Quote

“Ngayon higit na magpakailanman, an gating mga artist at mga non-profit na organisasyon ay nangangailangan ng ating suporta para mas mapaglingkuran ang komunidad at makatulong sa pagbangon mula sa pandemyang COVID-19. Ang Brampton ay isang Lungsod ng mga Oportunidad, at ikinagalak kong makita ang nagpapatuloy na tagumpay ng Advance Brampton Fund at ang pakinabang na ibinibigay nito sa ating mga non-profit na organisasyon. Ipinagmamalaki ko ang

pagpapanimula ng bagong oportunidad na ito para sa mga indibidwal na artist. Ang creative na komunidad ng Brampton ay naapektuhan nang malaki ng pandemya, at umaasa ako na ang oportunidad na ito ay makakatulong sa kanila na umabante at magsimulang bumangon.”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Ikinagagalak kong makita ang iba na namang pangkat ng mga aplikasyon na bukas para sa Advance Brampton Fund at hinihikayat na mag-aplay ang lahat ng non-profit na mga organisasyon sa Brampton. Ang trabaho na ginagawa ng ating non-profit na sektor sa komunidad ay napakahalaga, lalo na sa pagbangon mula sa pandemya. Ang pagkakataon na ito ng pagpopondo ay nakakatulong sa pag-ambag ng pagiging Nakakalusog at Ligtas na Lungsod ng Brampton.”

- *Harkirat Singh, Konsehal ng Lungsod, Wards 9 at 10; Chair, Corporate Services, Lungsod ng Brampton*

“Ikinagagalak kong makitang pinasimulan ng Lungsod ng Brampton at ng Arts, Culture and Creative Industry Development Agency ang oportunidad na ito sa pagpopondo para makatulong sa ating mga artist na makuha ang tulong na kailangan nila para makabangon mula sa pandemya at umunlad. Naapektuhan nang malaki ng COVID-19 ang mga artist ng Brampton, at bilang napakahalagang mga contributor sa Mosaic ng Brampton, napakahusay na mapapakinabangan ang oportunidad na ito para sa suporta.”

- *Rowena Santos, Rehiyonal na Konsehal, Wards 1 at 5; Vice-Chair, Corporate Services, Lungsod ng Brampton; Council Panel Member, Arts, Culture & Creative Industry Development Agency*

“Ang Cultural Services team ng Lungsod ng Brampton ay dedicated sa pagsuporta sa ating komunidad sa pamamagitan ng mga pagkakataon tulad ng Advance Brampton Fund at COVID-19 Recovery Fund para sa mga Artist. Hinihikayat ko ang bawat isa na interesado sa mga stream na ito ng pagpopondo na sumali sa mga sesyon ng impormasyon at isumite ang kanilang mga aplikasyon.”

- *David Barrick, Pinunong Administratibong Opisyal, Lungsod ng Brampton*

-30-

Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 700,000 tao at 75,000 negosyo. Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca

KONTAK NG MEDIA

Prabhjot Kainth
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad
Strategic na Komunikasyon
Lungsod ng Brampton
905-874-3426 | Prabhjot.Kainth@brampton.ca

